AFSCME 3299

MGA MALIMIT NA TANONG

TUNGKOL SA WELGA DAHIL SA ULP

Kailan at saan ang welga? Anong kailangan kong gawin kung naka-iskedyul akong magtrabaho sa night shift bago magsimula ang welga?

Ang welga ay magsisimula sa 12:00 AM (0:00) simula sa Miyerkules, ika-26 ng Peb at matatapos sa 11:59 PM sa ika-27 ng Peb. Ang sinumang nasa kalagitnaan ng kanilang shift kapag simula ng welga sa 12:00 AM sa ika-26 ng Peb ay kinakailangang magpatuloy na magtrabaho hanggang sa karaniwang pagtapos ng shift na ito. Ang sinumang nasa linya ng piket at naka-iskedyul na magtrabaho sa isang shift na nagsisimula bago mag 12:00 AM (0:00) simula sa Biyernes, ika-28 ng Peb, ay kinakailangang manatiling nagwewelga hanggang sa katapusan ng shift na ito at hindi magpunta sa trabaho sa gitna ng shift. Kinakailangang sumipot sa tamang oras para sa iyong shift sa piket at agad na mag-sign-in pagdating ninyo.

Ano ang isang ULP?

Ang Unfair Labor Practice (ULP) o Hindi-makatarungang Pagsasanay sa Paggawa ay nangangahulugang pagkilos ng isang employer na labag sa mga batas manggagawa ng estado. Nagsampa ang ating unyon ng isang ULP charge sa California Public Employment Relations Board (PERB) laban sa UC dahil sa kanilang pagsagawa ng ULP sa pamamagitan ng 1) pagpataw ng mayoriyang mga pagtaas ng mga premium para sa benepisyong pangkalusugan, mga co-pay at mga resetang gamot ng hindi nakikipag-bargain na ayon sa at pingangailangan ng batas; 2)pagdalo sa pagnenegosasyon ng hindi handa at walang kapangyarihang makipag-bargain; at 3) ilang buwang pagtangging magbigay sa AFSCME ng mga lubhang mahalagang mga impormasyon na kinakailangan upang makapag-bargain ng isang matatag na kontrata. Ang mga manggagawa ay may karapatang mag-welga upang iprotesta ang ilegal at hindi magandang banta sa pagba-bargain ng UC.

Anong kailangan kong gawin sa araw ng welga? Kailangan ko bang mag-call-in araw-araw para sabihan ang aking superbisor? Mag-ko-call-in sick ba ako? Kailangan ko bang gumamit ng vacation time?

Ang mga nag-wewelga ay hindi kailangang mag call-in, at dapat na hindi gumamit ng anumang paid leave habang nagwewelga. Ang AFSCME ay nagbibigay ng paunawa sa UC bago tayo mag-welga tungkol sa oras at mga lugar ng welga, kaya alam na ng mga superbisor at manedyer na ang mga manggagawang representado ng AFSCME ay magwewelga.

Ano ang aking legal na karapatang mag-welga bilang isang per-diem, probationary, o limitadong appointment na manggagawa sa UC?

Lahat ng mga manggagawang sakop ng kasunduan ng AFSCME ay may legal na karapatang mag-welga, kahit per-diem, limitado o nasa probation. Sa ilalim ng kasalukuyang kasunduan, ang mga limitado, per-diem at probationary na manggagawa ay maaaring tanggalin sa trabaho dahil sa anumang rason- maliban sa mga ilegal na rason, tulad ng paghiganti dahil sa aktibidad ng unyon (kasama ang pagwewelga). Ang paghihiganti laban sa sinumang representado ng unyon o isang empleyadong hindi manedyer dahil sa pakikilahok sa welga, kasama ang mga manggagawang per diem, probationary o limitado, ay mahigpit na ilegal. Kasama sa ilegal na paghihiganti ang: pagbawas sa regular na oras o appointment, pag-iiba ng iskedyul, at anumang pagdidisiplina. Ang AFSCME ay nagtanggol at patuloy na ipagtatanggol ang mga manggagawang nakakaranas ng paghihiganti dahil sa pakikilahok sa legal na protektadong mga welga at aktibidades ng unyon. Kung mangyari ito sa inyo, agad na tawagan ang inyong MAT lider o taga-organisa.

Paano ko sasagutin kung tanungin ako ng superbisor kung ako'y magwewelga o kung papasok ako sa trabaho sa panahon ng welga?
Hindi ninyo kinakailangang sumagot ng anumang tanong tungkol sa inyong pakikilahok sa isang welga. Ang UC ay maaaring magtanong, pero wala itong karapatang mamilit na sagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa inyong pakikilahok sa welga o anumang legal na protektadong aktibidad ng unyon. Huwag kayong pumirma ng anuman galing sa mga namamahala tungkol sa kung plano mo o hinding magtrabaho sa panahon ng welga. Kung tatanungin kayo ng inyong superbisor tungkol sa inyong pakikilahok, kinakailangang ipaalam nila sa inyo na hindi ninyo ito kinakailangang sagutin at na ang UC ay hindi maghihiganti sa inyo dahil sa inyong pakikilahok sa welga. Kung hindi nila ito sabihin sa inyo, agad na kontakin ang inyong lider ng MAT.

Nagmamalasakit ako para sa aking mga pasyente at estudyante. Bakit sinasabi ng UC sa atin na masasaktan ang mga estudyante at pasyente dahil sa welga?
Gagawin ng UC ang lahat upang pigilin tayong mag-welga, na makaka-apekto sa pagkita ng UC. Ang ating unyon ay taimtim na nagsikap upang protektahan ang ating mga pasyente bago pa at sa kasalukuyang may anumang welga. Binigyan natin ang UC ng higit pa sa 10 araw na babala tungkol sa ating welga at nag-organisa tayo ng isang Patient Protection Task Force, na tutulong sa UC na istaff ang ospital sakali mang magkaroon ng isang tunay na emerhensiya sa panahon ng welga.

Anong kailangan kong gawin kung sinabihan ako ng aking superbisor na kailangan kong pumasok sa trabaho sa panahon ng welga at/o nagpakita siya sa akin ng isang dokumento galing sa hukuman na sinasabi ito?
Kontakin kaagad ang unyon. Ang karaniwang panakot ng UC ay kumbinsihin ang ilang mga empleyado na sila'y "kinakailangang" magtrabaho. Noong nakaraan, ang AFSCME ay nakitrabaho kasama ang PERB at UC upang kilalanin ang isang limitadong bilang ng mga manggagawang magtrabaho sa panahon ng welga at ang iba ay ginawang magagamit kung kinakailangan sa pamamagitan ng Patient Protection Task Force. Ang AFSCME ay magkakaroon ng isang listahan kung sino ang kinakailangang magtrabaho, kaya makipag-usap kayo sa inyong lider ng MAT o taga-Organisa.

Paano kung sinabihan ako ng aking superbisor na magtrabaho ng isang shift sa panahon ng welga na hindi ako naka-iskedyul na i-trabaho?
Kung tangkahin ng inyong superbisor na tawagan kayo para magtrabaho sa mga araw na hindi kayo naka-iskedyul na magtrabaho, kinakailangan ninyog sabihin sa kanila na "Hindi ako available. Ako'y makikilahok sa welga ng Unyon." Hindi kayo kinakailangang magtrabaho sa mga araw na ito. Kung sabihin ng UC na kinakailangan kayong magtrabaho, pakitingnan ng sagot sa tanong sa ibabaw nito.

Sumusuporta ako sa welga, pero kailangan ko bang pumunta sa linya ng piket kung hindi ako naka-iskedyul na magtrabaho?
LAHAT NG mga miyembro ng AFSCME ay dapat pumunta sa linya ng piket kung naka-iskedyul man o hindi na magtrabaho sa panahon ng welga. Kinakailangang makita ng UC ang ating lakas dahil sa karamihan natin, at ang mga pasyente, estudyante, at mga taga-balita o media ay lalong susuporta sa atin kung tayo'y nasa harap ng mga ospital at mga kampus. Ang tulong sa pagwewelga ay binibigay sa mga miyembrong nakikilahok sa naka-iskedyul na piket duty sa panahon ng welga.

Remote ang aking trabaho, paano ako makikilahok sa welga?
Ang malakas na linya ng piket ay nagpapakita sa UC na tayo'y nagkakaisa. Hinihikayat namin ang lahat ng mga miyembrong dumalo sa linya ng piket kung kaya'y ninyong makilahok ng pisikal sa anumang lokasyon, kahit na ang regular ninyong trabaho ay remote. Hindi ninyo kinakailangang magsabi sa inyong superbisor.

Babayaran ba ako ng unyon para sa pagwewelga?
Kapag tayo'y nagwewelga bilang isang unyon, ang mga miyembro ng AFSCME 3299 ay inaasahang dumalo sa linya ng pagpipiket araw-araw at na hindi pumunta sa trabaho sa loob ng buong panahong nagwewelga. Sakripisyo ang mag-welga. May limitadong pondo para sa welga ang ating unyon upang makabili ng pagkain para sa welga, at mga pagpaplano, at upang makapigil sa paghihirap ng mga nagwewelgang miyembro. Sa ngayon, kapag ang isang welga ay 2 araw o mas mahaba pa, ang isang $100 tulong sa welga ay ma-aavail ng bawat miyembrong nakikilahok sa bawat buong araw ng naka-iskedyul na pagpipiket sa panahon ng welga.

Kung may sinumang mga namamahala ng UC ay nagtanong tungkol sa inyong pakikilahok sa isang welga, hindi ninyo kinakailangang sumagot. Walang karapatan ang inyong superbisor upang mamilit na sumagot kayo. Kinakailangang huwag kayong pumirma ng anumang galing sa mga manedyer ng tungkol sa inyong planong magtrabaho o hindi sa panahon ng welga. Gamitin ang form na ito upang i-dokumento ang mga ilegal na gawi ng UC:

I-SCAN AKO

SUNDAN KAMI | @afscme3299 @afscme_3299 @afscme3299